



## Pagninilay-nilay sa pagitan ng mga Kultura

Sa isyung ito, Kinapanayam namin si Gng. Lu Jie (Omihachiman) Isang Guro at Tagapag-salin salita ng Nihongo



Nakapag asawa ako ng hapon at nanirahan kami sa lungsod ng omihachiman ng mga 22 na taon na. Nag aral ako ng Nihongo simula hayskul hanggang unibersidad at nung pagkadating ko dito sa Japan nagtrabaho ako bilang isang tagapag-salin ng salita/Interpeter ng kumpanya. Nagpatuloy akong nagtrabaho pagkatapos kong manganak, ngunit nung nasa kindergarten na ang anak ko naatasan akong magtrabaho sa Tsina ng 3 taon kasama ang anak ko. Subalit, dahil diyan, nahirapan sa salita ang anak ko na siyang naging dahilan kung bakit hindi na siya marunong magsalita ng nihongo pagkabalik namin sa Japan. Kung kaya nagpasya akong umalis sa trabaho at pumasok sa paaralan upang masamahan ko ang aking anak ng isang buwan. At iyan din ang dahilan kung bakit napagpasiyahan ko rin maging isang interpreter at magturo ng Nihongo sa paaralan na hanggang sa ngayon naipagpapatuloy ko pa rin gawin.

Hanggang ngayon sa pamamagitan ng pag iinterpret ko may mga sitwasyon, mga pangyayari at mga nakikilala pa rin akong iba't ibang mga tao. Natutunan ko rin na upang maipahayag ang saloobin ng isang tao hindi sapat ang simpleng salin ng salita lamang napakahalagang maunawaan din ang kultura. Halimbawa, may isang pangyayari sa araw ng palakasan sa paaralan na kung saan ang isang bagong dating na nanay mula sa tsina ay hindi nasiyahan sa naging resulta ng palakasan at ayon dito “kahit na ang aking anak ay mabilis tumakbo ngunit hindi ito napasama doon sa mga napansin.” Ang dahilan sa likod ng kanyang pagkadismaya ay ang pagkakaiba-iba ng ipinapatupad na patakaran ng bawat bansa sa palakasan, kung saan sa tsina kasi malakumpitasyon ito na kung saan ang mga piling mga mag aaral lamang ang tatakbo habang ang ibang mga mag aaral ay susuporta dito. Upang makumbinsi ang ina, hindi sapat ang pagsasalin ng salita lamang sapagkat mayroong imahenasyon ang ina na ang palakasan ay isang kumpetisyon at kailangan nito ng lubos na paliwanag upang maunawaan na sa Japan ito ay isang kaganapanan na nagpapasaya at bahagi lamang ng ehersisyo para sa lahat ng mag aaral.

At ang iba naman ay ang pagkakaiba sa pagpahayag ng saloobin ng dalawang kultura. Ang mga Tsino ay may kulturang prangkang magpahayag ng saloobin samantalang ang mga hapon ay walang malinaw na pahayag na nakakalito. Ang bawat isa sa atin ay may sariling pinaniniwalaang kultura at hindi madaling baguhin ang paniniwalang ito, ngunit maaari itong maintindihan kung susubukang intindihin ang saloobin ng iba at ikatutuwa rin naman natin ito kung naiintindihan din tayo ng iba. Samakatuwid ang alamin at tanggapin ang dalawang kultura ay mahalaga para magkaroon ng magandang komunikasyon ang bawat tao mula sa ibat ibang kultura.

Ang pagkakaiba-iba ng pinaniniwalaang kultura ay isang malinaw na suliranin lalong-lalo na sa mga kabataan kaysa sa mga matatanda. Nagiging pangunahing hadlang ito ng komunikasyon sa mga kabataang dayuhan dahil sa kawalan ng sapat na kakayahan sa salita, at kahit na nakakapagsalita na ang mga ito, nahihirapan pa rin silang ipahayag ang kanilang mga saloobin dala na rin sa pagkakaiba ng kultura. Gayundin, sa mga batang lumaki sa sitwasyon na nahahati sa pagitan ng dalawang kultura; Na sa loob ng bahay may kulturang tsino at kulturang hapon sa paaralan, na nahihirapan ipahiwatig ang kanilang mga saloobin sa kanilang mga magulang at mga kaibigang hapon. Sa ganitong sitwasyon, Isa ako na maari at madali nilang matakbuhan dahil lumaki din ako sa pagitan ng dalawang kultura, mabibigyan ko sila ng payo katulad sa kung papaano makisalamuha sa mga kaibigang hapon. Napalapit na sila sa akin at para ko na rin kamag anak ang mga batang ito.


Sa kasalukuyan, maraming mga dayuhan ang sama-samang namumuhay sa loob ng prepektura. Sa ilalim ng sitwasyong ito nakita ko kung gaano tumayo sa kanilang sariling mga paa ang mga Tsino na kilala din bilang isang kaugalian ng mga ito at nagsumikap sila para sa kanilang mga sarili. Sa kabilang banda naman, mahalaga din na may ugnayan ka sa iba, mas makabubuti din kung mayroong lugar para sa sanggunian lalong-lalo na kung nangangailangan ka ng tulong mas makabubuti kung mayroong lugar na pupuwede silang makakapagsangguni o taong madali nilang matakbuhan kung nagkakaproblema. Gayunpaman, sa totoo lang kailangan talaga ng lakas ng loob upang masabi ang mga alalahanin na kung minsan ay hindi ito masabi at sinasarili na lamang. Makikita mo ang hugis bilog ng tasa mula sa derikatang anyo nito sa itaas ngunit makikita at masisisyahan ka rin sa ibang angulo at kagandahan nito kung iibahin ang kulay at desinyo lalo na kung bibigyan ito ng ibang mga kahulugan. kung nababalutan ka ng maramin problema, gagaan ang mga dinadalang bagabag diyan sa puso mo kung lalabas at lalanghap ng preskong hangin, makipag usap at sikapin gumawa ng bago. Naniniwala akong magiging maunlad ang isang tao sa pagkakaroon ng ediya at impormasyon

Nahihiya din ako kapag inaalala ko noong mga kabataaan ko sarili ko lang kasi iniisip ko nun. Ngunit nitong mga nakaraan, may kunting pagbabago sa mga pananaw ko sa buhay at sa nagkakaedad na rin ako at sa mga natutunan ko na ang pakikipag-ugnayan sa kapwa tao ay napakahalaga. kaya nitong nakaraang taon kasama ang aking kaibigan gumawa kami ng Samahan para sa mga nagbabalik na mga Tsino “Shiga Kikokusha Kakyo Kajin Rengo-kai” umaasang sana ang lahat ng mga residente dito ay magtutulungan, masaya at sama-samang namumuhay. hangad ko na sana maipagpatuloy pa na magkaroon ng isang mayamang ugnayan ang lahat ng mga tao.



## Tungkol sa sistema ng Pambansang Seguro Ng Japan

Kapag mag umpisang magtrabaho sa isang kumpanya dito sa Japan, ibabawas sa inyong sahod ang mga premyum na bayarin ng segurong-panlipunan *Shakai Hoken Hokenryu*. Sa Japan ano ang ibig sabihin ng *Shakai Hoken* at ano ba ang pinupunto dito. Sa Japan ay mayron mga ibat ibang klase ng batas patungkol sa *Shakai Hoken*, walang pakialam kung ano ang nasyonalidad maari kayong maging miyembro nito.



◇ Mangyaring alamin po natin ang tungkol sa pagkakaiba ng **Sistemang Segurong Pangkalusugan (Kenkou Hoken)** para doon sa mga nagtrabaho sa kumpanya at sa mga hindi

### ● Sa mga taong nagtrabaho sa isang kumpanya na tumatanggap ng sahod

Sa pamamagitan ng pagtrabaho sa kumpanya kailangan pumasok sa *Shakai Hoken*. Ibabawas ang premyum na bayarin ng seguro (*Hokenryo*) sa sahod ngunit babayaran ng kumpanya ang kalahati ng bayarin nito, at maari mo ring isali ang iyong pamilya bilang iyong dependent. Walang bayayaran sa *hokenryo* ang iyong pamilya. Ang *kenkou hoken* at *Nenkin* ay magkakasama mo itong sasalihan.

### ● Sariling nagtrabaho, walang trabaho, para doon sa mga hindi nagtrabaho sa kumpanya.

(At para doon sa mga taong hindi naangkop sa itaas)

Indibiduwal na magpapamiyembro kayo sa *Kokumin Kenkou Hoken*. Ang bayarin sa *hokenryo* ay kailangan bayaran. Sa malapit na munusipyo sa tinitirahan lugar lahat ng bayarin ay sarili mong bayad kasama pati ang bayarin ng bawat isa sa pamilya ganoon din sa pambansang seguro indibiduwal kang magpapamiyembro ito.

● Ang bayarin sa ospital ay nasa may 30% alin man sa dalawang seguro ay pareho. dagdag pa ryan kung ang bayarin sa pagpapagamot ay sakaling mataas, maaring makakuha ng benepisyo, ganon din sa panganganak at sa namatayan may makukuha din benepisyo. Sa *Shakai Hoken* sa oras na kapag nagpahinga dahil sa sakit at sa panganganak mayron ding benipisyong matatanggap bilang garantyang bahagi ng sahod, subalit hindi ito sakup ng *Kokumin Kenko Hoken*.

### ◇ Tungkol sa proseso sa pagpasok at paglabas sa **Kenkou Hoken (Seguro sa Pangkalusugan)**

#### ● Sa panahon na nagtrabaho sa kumpanya

Kapag papasok sa *Shakai Hoken* ang kumpanya ang naglalakad sa pagproseso nito subalit ang proseso sa paglabas sa *kokumin kenkou hoken* ay kinakailangan gawin mo ito sa sarili mo. Upang hindi madoble ang iyong bayarin kailangan sumangguni ka sa malapit na munusipyo sa inyong lugar at gawin ang proseso sa paglabas.

#### ● Kapag sa oras na magretiro sa kumpanya

Kapag magretiro at mawalan na ng bisa ang iyong *shakai hoken*, hindi na magagamit pa ang iyong *hokenshou* ibalik kaagad ito sa iyong kumpanya. At pagkatapos pumunta sa munusipyo at mag apply ng *Kokumin Kenkou Hoken* kailangan mong gawin ang proseso para magkaroon ng *hokenshou*. Ang ibang seguro ay boluntaryong magpapatuloy mayron din mga pamamaraan na maari mong ipasok ang iyong pamilya dito maari mong ikumpirma ang tungkol dito.

# Halina at gamitin natin ang silid-aklatan para makatuklas ng mga bagong kaalaman!



Nagtatag ang Prepektura ng Shiga ng mahigit 51 na kabubuang mga silid-aklatan sa 19 na mga bayan at mga lungsod nito. Kung residente ka ng lugar o nagtrabaho dito maari kang magpagawa ng libreng kard upang magamit mo bilang pahintulot sa paggamit ng pasilidad at paghiram ng mga aklat dito. kung may hinahanap kang aklat ngunit wala ito sa silid-aklatan sa iyong lugar maari kang magpahayag ng kahilingan doon sa mga kalapit bayan, lungsod na mga silid-aklatan maging man sa Pangprepekturang Silid-aklatan ng Shiga. kung may gusto kayong aklat sumagguni lamang po kayo sa taong namamahala (Librarian) sa silid-aklatan sa inyong lugar!



## Pang-prepekturang Silid-aklatan ng Shiga

〒520-2122

Otsu-shi Seta Minami Oogaya-cho 1740-1  
TEL : (077) 548-9691

Paano Pumunta : Sumakay ng bus sa estasyon ng JR Seta papuntang *Shiga idai* eksaktong 10 minuto na biyahe bumaba sa harapan ng *Bunka Zone Mae* na estasyon 5 minutos lakad

### Oras ng Tanggapan

○Miy~Biy 10am~6pm

○Sab • Lin • Mga bakasyon na mga araw /  
Walang pasok na mga araw 10am~5pm

### Saradong Araw

○Lun • Mar (Bukas sa pista opisyal na mga araw, sarado tuwing miyerkules)

○Bukas sa mga araw ng (Sabado at linggo)  
Pagkatapos ng pista opisyal na araw.

○Umpisa ng taon at pagtatapos ng taon /  
mga natatanging panahon na isinaayos



Mayroon ding mga aklat at magasin sa ibat ibang wika!

### ◇ Magpagawa ng Tiket pang-hiram

Upang makahiram ng mga aklat, kailangan mo ng tiket sa paghiram. upang magawaan ng tiket pumunta sa ikalawang palapag (2F) sa silid sanggunian para sa mga materyales (Sankou-shiryō-shitsu), punan ang porma (form) para sa pagparehistro at dalhin ito sa counter, kasamang dalhin ang isa sa mga nabanggit na mga sumusunod (Lisensiya sa pagmamaneho/uten menkyōshō. Insurance Card/hoken-shō, Student ID/gakusei-shō at iba pa upang makumpirma ang inyong address.

### ◇ Manghiram tayo ng libro!

Bawat isa ay maaring makahiram ng hanggang 10 na libro at iba pang mga materyales sa loob ng 3 linggo. Sa unang palapag sa may silid-pambata ay matatagpuan ang mga librong pambata at mga aklat-larawang pambata sa wikang banyaga. Sa pangalawang palapag naman ay matatagpuan ang silid-pangkalahatang sanggunian dito ay nakahilira ang mahigit na 150,000 na mga libro mula sa mga pang-praktikal na libro hanggang sa pang-dalubhasang mga libro na maaring magamit, mayroon ding mga materyales at mga libro para sa pag aaral ng wika. Bilang karagdagan, sa silid- pangkalahatang

sanggunian naman ay mayroong mahigit na 8,000 klaseng mga librong-banyaga sa iba't ibang mga wika. Kung nais manghiram ng libro sumadya lamang sa kawnter sa ibabang palapag.



### ◇ Kapag ibabalik ang libro

Maaring ibalik ang hiniram na libro sa mga oras na bukas ang silid-aklatan, sa mga kawnter ng silid-sanggunian pang-kagamitan. Silid pambata, kung sakaling sarado ang silid-aklatan pakilagay ito sa may kahon na nakalagay (Post box) sa kaliwang bahagi ng pintuan, maari din ninyo itong ibalik sa Panglungsod, Pangbayan na silid-aklatan. \* Subalit sa mga silid-aklatan sa Lungsod ng Otsu, Lungsod ng Kusatsu ay hindi puwedeng magbalik ng libro.

### ◇ May nakahanda ding ibat ibang serbisyo!

Gamit ang website maari ninyong mahanap, mapareserba ang mga librong nais ninyong mabasa, kahit na wala pa sa lugar ang gusto ninyong libro maari ninyo itong ipakisuyo. Sa mga taong may kapansanan naman at walang kakayahang bumisita sa silid-aklatan maari kayong makahiram ng mga libro sa pamamagitan ng paggamit sa pagpapadala nito sa Koreo. Maari din kayong sumagguni sa mga staff ng silid-aklatan kung mayroon kayong nais itanong, nais malaman tungkol sa pamumuhay. Ang mga libro sa silid-aklatan pang-prepektura, panglungsod at pambayan ay maaring mahiram at tuloy~tuloy itong gamitin para sa inyong pag aaral at libangan!



# PAHAYAGAN MIMITARO

**Maligayang Manigong Bagong Taon**  
**Sa inyong Lahat! Mula sa Mimitaro**



## ◆ Setsubun Sai ika-2 ng Pebrero (Piyesta ng Setsubun)

Ang setsubun ay bispiras ng bagong taon sa kalendaryong lunar ng Japan, Magsasaboy ng beans na idinaus sa ibat ibang lugar upang itaboy ang mga masasamang espiritu/kamalasan at bilang paghahanda din sa pagharap ng bagong tag-sibol. Sa kauna-unahang pagkakataon, idadaus ito na pang 124 na taon ngayong taon ng ika-2 ng Pebrero. (Kumpirmahin muna bago pumunta).

\*Taga Taisha (Inukami-gun Taka-cho Taga 604)  
Tel 0749-48-1101

\*Minakuchi Jinja (Dambana)  
(Koka-shi Minakuchi-cho Miyanomae 3-14)  
Tel 0748-62-0231

\*Sensui-Ji (Templo) (Konan-shi Iwane 3518)  
Tel 0748-72-3730

## ◆ Ang bagong uri ng nakakahawang sakit, COVID-19 *Wastong pamamaraan sa pag ubo, paghugas ng kamay!*

Kung may mga sintomas tulad ng sipon o lagnat, tumawag muna sa inyong malapit na doktor upang mabigyan kayo ng mga tagubilin. Mangyaring sundin lamang ang payo ng doktor.

## ◆ Masusing pag iingat kapag maglalakbay sa ibang bansa

- Ang bawat bansa ay may binabatayang mga panukala at mahigpit na pagpapatupad at pagpapalakas ng kuwarantenas sa pagpasok at paglabas ng bansa at paggawad ng bisa. Bago umalis ng bansa alamin muna ang tungkol sa pagpapasuri sa PCR at kumpirmahin, maglikom ng mga makabagong impormasyon patungkol sa patutunguhang bansa.
- Institusyong pang-medikal na naglalabas ng sertipiko para Sa isinagawang pagsusuri ng PCR.  
[https://www.meti.go.jp/policy/investment/tecot/pdf/tour-okubo\\_english.pdf](https://www.meti.go.jp/policy/investment/tecot/pdf/tour-okubo_english.pdf)  
(HP ng Ministri ng Ekonomiya, Kalakalan at Industriya)
- Kapag muling papasok sa Japan mula sa isang bansa / rehiyon na nasa napapaloob sa mga itinatangi (ban) bansa sa pagpasok, Bago umalis sa bansang pinanitilihan kinakailangan sumailalim muna ng pagsusuri sa COVID-19 sa loob ng 72 oras bago umalis ng bansa / rehiyon sa institusyong pang-medikal, at kumuha ng sertipiko para sa negatibong resulta.  
[https://www.mofa.go.jp/mofaj/ca/fna/page4\\_005130.html](https://www.mofa.go.jp/mofaj/ca/fna/page4_005130.html)  
(HP ng Ministro ng ugnayang Panlabas/Gaimushou)
- Tungkol sa format para sa patunay na negatibong sertipiko  
[https://www.mofa.go.jp/mofaj/ca/fna/page25\\_001994.html](https://www.mofa.go.jp/mofaj/ca/fna/page25_001994.html) (Word Format)



## BALITA MULA SA MIMITARO



## ◆ Huwag kalimutan gumawa ng panghuling-deklarasyon tungkol sa mga babayarang buwis!

Kinakailangan gumawa ng panghuling deklarasyon (Kakutei Shinkoku), ang mga taong may sariling negosyo, tumatanggap ng suweldo mula sa dalawa o higit pang mga lugar, at sa mga nagbayad ng malaking halaga sa mga gastusing-medikal at sa mga hindi nakaltasan na kita. Para sa may mga sinusustentuhang pamilya sa labas ng bansa kung nararapat kang bawasan ay Kinakailangan mong maghanda ng 「Katibayang dokumento na kamag anak」 o 「Mga resibo ng ipinadalang sustento」 na kakailanganin sa pagkalkula para sa panghuling deklarasyon ng babayarang buwis. Maari at madali ninyong magagawa ang pagdeklara sa pamamagitan ng inyong Smart Phone o sa inyong My Number Card!

Panahon ng Pagsumite: Pebrero 16 ~ Marso 15

**Info** Sa bawat tanggapan ng buwis

## ◆ Pagkumpirma ng pangalan at pagbabago ng address sa nakarehistrong sasakyan

Para sa mga nagmamay-ari ng sasakyan simula ika-1 ng Abril hanggang sa unang linggo ng Mayo. Ang abiso para sa mga bayarin ng buwis sa kotse ay ipapadala sa address na nakalista sa pagparehistro ng kotse. kung sakaling may pagbabago sa pangalan at address sa gumagamit ng sasakyan, mangyari po lamang asikasuhin ninyo ito sa lalong madaling panahon!

**Keijidousha Kensa Kyoukai:** Asosasyon ng tagapagsiyasat para sa mga malilit na sasakyan Tel 050-3816-1843

**Para sa mga pangkaraniwang laki na mga sasakyan:** Tanggapan ng Transportasyong pang-lupa ang may hurisdiksiyon sa address, ang may (numero ng Shiga ay nasa ilalim sa Tanggapan ng LTO sa Shiga).

Tel 050-5540-2064

## ● Tungkol sa biktima ng DV / huwag sarilin ang problema!

Sa mga biktima ng pang aabuso o dahas mula sa kinakasama at sa mga iba pang klaseng pang aabuso, maari po kayong sumangguni at makahingi ng payo mula sa mga dalubahasang tagapayo, para sa mga dayuhan na nais sumangguni maari po kayong sumangguni sa paamagitan ng e-mail o sa SNS.

**Info** Sumagguni sa DV Soudan Plus

SNS : <https://form.soudanplus.jp/tl>

E-mail : <https://form.soudanplus.jp/mail>

Tel : 0120-279-889 (Hapones lamang)



## Shiga Gaikokujin Soudan Center (Shiga Intercultural Association for Globalization)

Kung may mga katanungan at suliranin huwag mag atubiling tumawag may nakahandang ibat ibang wika para kayo alalayan/suportahan. May nakahanadang libreng konsultasyon para sa legal na proseso.

Tel : 077-523-5646 Fax: 077-510-0601

E-mail: [mimitaro@s-i-a.or.jp](mailto:mimitaro@s-i-a.or.jp)

★ Ang sunod na isyu ng Mimitaro ay ilalathala sa buwan ng Abril